REPUBLIKA NG PILIPINAS

# PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA

KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

## KAPASIYAHAN BILANG 91-196

KAPASIYAHAN NA INIINDORSO NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA SA PANGULO NG PILIPINAS, KGG. CORAZON C. AQUINO AT KGG. FRANKLIN C. DRILON, KALIHIM NG KAGAWARAN NG KATARUNGAN NA MAGING DIREKTOR NG KAWANIHAN NG WASTUAN (BUREAU OF CORRECTIONS) ANG SINUMAN SA MGA SUMUSUNOD NA PAWANG MGA TUBONG MUNTINLUPA NA SINA : A) BRIG. GEN. LEVI D. MACASIANO, B) ASSOCIATE JUSTICE RICARDO P. TENSUAN (RET.) AT K) GEN. LEANDRO LONZAME (RET.)

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, ang kasalukuyang puwesto/posisyon na Direktor ng Kawanihan ng Wastuan ay bakante at wala pang permanenteng nakatalaga;

SAPAGKAT, ang pambansang piitan ay nasa loob ng nasasakupan ng Bayan ng Muntinlupa kaya't nararapat lamang na ang nakatalagang mamumuno dito ay isang tubong-Muntinlupa na may kakayahan o kuwalipikado naman;

SAPAGKAT, sina Gen. Macasiano, Justice Tensuan at Gen. Lonzame bukod sa pawang tubong Muntinlupa ay matagal na naglingkod sa pamahalaan ng buong kasipagan, kahusayan at katapatan na walang bahid o nasangkot sa anumang katiwalian;

SAPAGKAT, sina Gen. Macasiano, Justice Tensuan at Gen. Lonzame ay mga ulirang asawa, magulang at kaibigan ng lahat at puspusang sumusunod sa tungkulin at kautusan ng kanilang simbahan, may matinding pananalig sa Diyos at makatao at dahil sa mga katangiang ito ay ugma at karapat-dapat lamang para humawak sa isang maselang institusyon tulad ng pambansang piitan na tila isang malaking pamilya na dapat arugain, idisiplina, mahalin at unawain upang ang kanilang kinabukasan ay maging maayos, masagana, maunlad, makabuluhan at punong-puno ng pag-asa;

SAPAGKAT, ang kakayahan ninuman kina Gen. Macasiano, Justice Tensuan at Gen. Lonzame ay hindi matatawaran sa ipinakita nilang dedikasyon at pagmamahal sa mga tungkulin kanilang ginagampanan;

SAPAGKAT, ang kanilang kakayahan na mamuno ay subok na at nagsisilbing inspirasyon na tinutularan at binibigyan ng buong paggalang ng kanilang mga kasamahan sa serbisyo at ng kanilang mga nasasakupan o naging tauhan.

REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**



NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan at muling pinagpasiyahan na gumawa ng kapasiyahan na iniindorso ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa Pangulo ng Pilipinas, Kgg. Corazon C. Aquino at Kgg. Franklin C Drilon, Kalihim ng Kagawaran ng Katarungan na maging Direktor ng Kawanihan ng Wastuan (Bureau of Corrections) ang sinuman sa mga sumusunod na pawang mga tubong Muntinlupa na sina : a) Brig.Gen. Levi D. Macasiano, b) Associate Justice Ricardo P. Tensuan (Ret.), at k) Gen. Leandro Lonzame (Ret.).

PINAGTIBAY ng buong pagkakaisa ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang pang 159th pangkaraniwang pulong na ginanap ngayong ika-17 ng Hunyo 1991 sa Bulwagan ng Ikalawang Palapag ng People's Center.

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang.Punong Bayan/Pang.Pangulong Opisyal

KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. VICENTE YU CHUA
Konsehal

PINATOTOHANAN:

PETER E. SALONGA
Pambayang Kalihim

PES/vts